# Hindi maghahagupit ang isa higit sa sampung paglatigo maliban sa isang takdang parusa mula sa mga takdang parusa ni Allah."}

Ayon kay Burdah Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanya): {Siya ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Hindi maghahagupit ang isa higit sa sampung paglatigo maliban sa isang takdang parusa mula sa mga takdang parusa ni Allah."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na maghagupit ang isa ng higit sa sampung paglatigo maliban sa mga pagsuway. Ang tinutukoy sa nasaad dito mula sa Tagapagbatas ay hindi isang tinakdaang bilang ng hagupit o palo o kaparusahang inilalaan. Ang tinutukoy ay hindi palalabisan sa pagpalo ng pagdisiplina sa sampung hagupit gaya ng paghagupit sa maybahay at anak.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee